# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 41 BILANG 7 | BASAHIN AT TALAKAYIN | HULYO 2021


EDITORYAL

## Puspusang makibaka upang ibagsak ang mamamatay-tao, tiraniko at traydor na rehimeng Duterte

Si Rodrigo Roa Duterte ang pangunahing kinatawan ng interes ng mga naghaharing-uri na pagsamantalahan at apihin ang mamamayang Pilipino. Ang mahaba at humahaba pang listahan ng mga krimen at pananagutan ni Duterte sa mamamayan ay patunay ng kanyang pagiging anti-mamamayan, makadayuhan at anti-demokratiko.

Mula nang maupo si Duterte noong 2016, puro buladas ang kanyang pangakong panlipunang pagbabago sa sambayanan. Higit na pagdurusa at malawakang kahirapan lamang ang idinulot ng pasistang paghahari ng rehimen. Walang kaparis ang kanyang pagiging pasista, korap at traydor. Tanda ng patuloy na pagkabulok ng lipunang malakolonyal at malapyudal ang kanyang tiranikong paghahari na higit na nagpasahol sa kalagayan ng mamamayang Pilipino.

Imbes na tugunan ang krisis na nararanasan ng mamamayan, pasismo ang kanyang tugon at ipinatupad para tapatan ang panawagan at kahingian para sa tunay na pagbabagong panlipunan. Sinabi ni Duterte na nagtagumpay ang kanyang gera kontra-iligal na droga subalit mga mahihirap ang pangunahing tinarget ng gerang ito na pumatay sa tinatayang 27,000 hanggang 30,000 indibidwal mula pa noong 2016. Sa pag-uudyok ni Duterte naging palasak ang senaryong 'nanlaban' ang mga biktima upang maipatupad lamang ng Philippine National Police (PNP) at mga grupong *vigilante* na ala-Davao Death Squad na pagpatay. Samantala, walang napanagot na malalaking sindikato ng droga sa bansa. Ginamit ni Duterte ang gera kontra sa iligal na droga para solohin at pagharian ng kanyang pamilya at mga kasapakat ang operasyon ng malalaking *drug syndicate* sa bansa at mga kasosyong nasa *Chinese drug syndicate* o *Chinese Triad.*

Kasinungalingan naman ang ipinangangalandakan ni Duterte na ginagalang niya ang karapatang tao. Sa pamamagitan naman ng kanyang dating DSSP Kapayapaan at ngayo'y JCP Kapanatagan, naglunsad ito ng gerang "kontra-terorismo". Ipinalasap ng rehimeng Duterte ang lupit ng kanyang todo-gera laban sa nakikibakang mamamayan na ang pangunahing tinatarget ay mga sibilyan na tinatakang may kaugnayan sa armadong kilusan ng CPP-NPA at Bangsamoro, mga kritiko at oposisyunista. Ayon sa pinakahuling



KALATAS

Hulyo 2021
TOMO 41 BILANG 7

NILALAMAN

1 Puspusang makibaka upang ibagsak ang mamamatay-tao, tiraniko at traydor na rehimeng Duterte!

4 Wakasan ang diktadurang paghahari ni Duterte

7 Ang marahas na RCSP at kampanyang pagpapasuko sa Mindoro

9 Tugon ni PdG: Bakit dapat ibasura ang VFA at iba pang di-pantay na tratadong militar?

10 Kilos Protesta: SONA 2021

11 Balita: Polusyon ng China sa WPS, kinondena ng mga Palaweño

12 Singilin si Parlade sa kanyang mga krimen sa bayan!

13 Kilos Protesta: Anibersaryo ng ATL at demolisyon sa Cavite

14 Balita: Mula sa Batangas

15 Bantay Karapatan: Mga krimen ng AFP-PNP sa MIndoro

16 Poster: Join the New People's Army

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

ulat, umaabot na sa 1,018,508 indibidwal ang naidokumentong mga biktima ng iba't ibang paglabag sa karapatang-tao mula noong maupo si Duterte noong Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2020. Walang pakundangang iniutos nito ang pagdurog sa Marawi City at pagbomba sa pamayanan ng mga Lumad sa Mindanao. Naging talamak ang maramihang pagpatay, sapilitan at maramihang ebakwasyon, iligal na pang-aaresto, sapilitang pagpapasuko at walang habas na pambobomba sa ilalim ng kanyang paghahari.

Sa Timog Katagalugan, isa sa pinakakarumaldumal na krimen ng rehimen ang naganap na 'Bloody Sunday' noong Marso 7 na sabayang kumitil sa siyam na aktibista sa paraang Synchronized Enhanced Management of Police Operations. Hindi naglubay bagkus tumindi pa ang ginagawang paglabag ng AFP-PNP sa karapatan ng mamamayan sa ilalim ng kumpas at proteksyon ni Duterte sa pamamagitan ng Anti-Terror Law at anti-komunistang NTF-ELCAC. Hanggang ngayon ay hindi pa rin nakakamit ang hustisya para sa mga biktima habang lumalala pa ang kultura ng impyunidad sa bansa.

Sa ilalim din ng paghahari ni Duterte, walang naganap na anumang makabuluhang pag-unlad sa kabuhayan ng mamamayan. Pinasahol lamang niya ang pagpapatupad ng neoliberalismo sa bansa. Walang ipinatupad na repormang agraryo at lalo lamang naghirap ang milyun-milyong magsasaka dahil sa mga ipinatupad na anti-mamamayang patakaran. Aabot sa P75-90 bilyon ang nalugi sa mga magsasaka sa palayan dahil sa pagbagsak ng presyo ng palay dulot ng pagdagsa ng *imported* na bigas sa bansa dahil sa Rice Tariffication Law. Samantala, inangkin nito ang *coco levy fund* sa mga magniniyog sa pamamagitan ng Coco Farmers and Industry Trust Fund Act.

Higit na pasakit naman sa mamamayan ang idinulot ng TRAIN Law at CREATE Law ni Duterte na naging dahilan ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin habang milyun-milyong trabaho ang minasaker ng rehimen. Sa kasagsagan ng pandemyang COVID-19 noong 2020, umabot sa 9.6 milyon manggagawang Pilipino ang nawalan at nabawasan ng trabaho. Umabot pa ito sa 10.5 milyon pagsapit ng Enero 2021. Apektado rin ang mahigit sa 1.6 milyong *overseas Filipino workers* na nawalan ng trabaho noon pang nakaraang taon dahil sa pandemya at napilitang bumalik sa bansa kahit na ayaw nila.

Habang naghihirap ang mamamayang Pilipino, labis-labis naman ang pangungutang ni Duterte hindi para tugunan ang pangangailangan nila kundi para sa kanyang programang Build, Build, Build. Ilan sa mga kontrobersyal na inutang ng rehimen ay ang P12.2 bilyong Kaliwa Dam Project at ang North-South Railway Project. Sa kasalukuyan, aabot pa lang sa 11 proyekto ng tinakdang 100 *flagship projects* ni Duterte ang natatapos na pawang hindi rin mapapakinabangan ng mamamayan at babayaran pa nila ng malaki.

Sa loob lamang ng limang taon, halos dumoble ang pampublikong utang ng Pilipinas mula P5.9 trilyon tungong P11.1 trilyon ngayong Hunyo 2021. Kalakhan dito'y hindi napakinabangan ng mamamayan at tiyak na napunta lamang sa korapsyon at bulsa ng pamilyang Duterte't mga kroni.

Sa katunayan, walang kredibilidad ang kampanyang kontra-korapsyon ni Duterte dahil siya mismo ang pinakakorap. Ilan sa mga kwestyunableng pondong hawak mismo ni Duterte para sa operasyong paniktik ng Office of the President ay ang P250 milyon noong 2016 na tumaas nang siyam na beses tungong P2.25 bilyong sikretong badyet. Personal din niyang hinawakan ang P587 bilyong pondong para sa pagtugon sa pandemya. Malaking bahagi ng pondong ito ang hindi na ipinamahagi. Kailanman walang napanagot ang rehimen na mga upisyal na sangkot sa korapsyon na kalakha'y masusugid na alipores at tagasunod ni Duterte. Nagdudumilat ang pagiging peke ng kampanyang kontra-korapsyon ni Duterte. Walang kahihiyang ipinagtatanggol at inabswelto ni Duterte ang kriminal na

kapabayaan ni DOH Secretary Duque at korapsyon sa DOH at iba pang ahensya ng gubyerno sa pagharap sa pandemya.

Hindi lamang korap, taksil din si Duterte sa bayan. Nananatiling sagad-sa-buto ang kanyang pagiging traydor sa pagsasantabi at pagbabalewala sa tagumpay ng bansa sa Permanent Court of Arbitration ng United Nations Convention on the Law of the Sea upang maitaguyod lamang niya ang interes ng China sa mga teritoryo at karagatang saklaw ng Pilipinas sa *exclusive economic zone* nito sa West Philippine Sea. Kapalit ng pondo at pangakong ayuda't pamumuhunan ng China, isinuko ni Duterte ang soberanya at teritoryo ng Pilipinas sa WPS at ipinagkanulo ang pambansang interes ng bansa.

Namamangka sa dalawang ilog si Duterte sa pagyukod sa imperyalistang China habang nananatiling nakatali siya sa imperyalismong US. Tuso niyang ginagamit ang kasunduan sa Visiting Forces Agreement (VFA) sa US upang kumuha ng papalaking ayudang militar sa gubyernong Biden at suhayan ang kanyang kontra-rebolusyonaryong gera laban sa mamamayang Pilipino. Buladas lamang ang kanyang pahayag at mga palabas na pagpapawalambisa sa VFA. Sa katunayan, higit pang pinagtibay ng rehimen ang nilalaman ng VFA matapos ang pagbisita ni US Defense Secretary Lloyd Austin III sa bansa. Nananatiling isang masunuring tuta si Duterte sa US at tiyak na hindi ito magbabago kahit na nakikipagmabutihan pa sya sa China.

Minsan pang ipiniprisinta ni Duterte ang sarili sa imperyalismong US bilang pinakamatapat at maaasahang papet upang makapanatili sa kapangyarihan lampas sa 2022. Nagsisinungaling si Duterte na tutol siya sa pagkandidato bilang presidente ng kanyang anak na si Sara Duterte habang pailalim na itinutulak niya ang kandidatura nito. Samantala, hinahawan ni Duterte ang pagluklok kay Senador Bong Go bilang reserbang baraha't isang tau-tauhang presidente na katambal niya sa PDP-Laban *ticket* para sa eleksyon sa Mayo 2022. Walang kahihiyan at tusong ginagamit nya ang makinarya ng reaksyunaryong estado upang manipulahin at dayain ang resulta ng eleksyon. Nakapwesto sa COMELEC ang kanyang matatapat na tagasunod habang nakopo naman ng Smartmatic na kontrolado ng kroning si Dennis Uy ang kontrata para sa de-kompyuter na pagbilang ng boto.

Sa kasalukuyan, nagpapatuloy ang kriminal na pagpapabaya ni Duterte sa kinakaharap na krisis pangkalusugan at panlipunang dulot ng pandemyang COVID-19. Nagpapatuloy ang palpak, pabaya at inutil na pagtugon ng rehimen sa pagharap sa pandemyang COVID-19 na nagresulta sa pagkakasakit ng mahigit sa 1.6 milyong Pilipino at kumitil sa mahigit sa 27,000 Pilipino.

Kasinungalingan ang itinatambol ng rehimen na nangunguna umano ang Pilipinas sa *pandemic response* sa Timog Silangang Asya. Sa katunayan, pinupuna ng UN at WHO ang kamay-na-bakal na pagharap sa pandemya sa ipinatutupad na militaristang *lockdown* sa halip na sa paraang medikal at siyentipiko. Di na nga masawata ang pagdami ng kaso ng COVID-19, ibayo pang sumahol ang paghihikahos ng sambayanan kasabay ng pagdami ng kaso ng paglabag sa karapatang tao sa bansa. Walang ginawang *mass testing*, malawakan at agresibong *contact tracing* at epektibong *isolation and medication.* Labis na iniasa ni Duterte sa bakuna ang paglaban sa nakamamatay na sakit na kalauna'y mahuhuli rin. Sa kasalukuyan, malayung-malayo pa ang rehimen sa tinatarget na 70 milyong mabakunahang Pilipino para makamit ang *herd immunity* sa bansa. Bukod dito, nananatiling walang sapat na ayuda ang mamamayan sa gitna ng pandemya at hindi pa rin natatanggap ng mga manggagawang pangkalusugan ang kanilang alawans, *hazard pay* at iba pang benepisyo.

Kung susumahin, walang makabuluhang pagbabagong nakamit ang mamamayan sa ilalim ng paghahari ni Duterte. Higit lamang na sumahol ang kanilang kalagayan. Kaya't marapat lamang, sa nalalapit na pagtatapos ng pasistang paghahari ni Duterte, higit na magpursige ang mamamayan na kagyat na pabagsakin ang kanyang rehimen habang hindi pa siya bumababa sa kapangyarihan. Dapat siyang singilin at papanagutin sa kanyang mga krimen sa bayan. Kasama ang kanyang mga masugid na alagad at alipores at ang berdugong AFP-PNP, dapat silang isakdal para sa kanilang mga kasalanan at madugong rekord sa mamamayan.

Upang ganap na maibagsak ang rehimeng Duterte, kailangang malawakan at puspusang maihiwalay siya bilang pangunahing nakikinabang sa burukrasya at pinakamasugid na tagapagtanggol ng naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa at papet ng imperyalismong US at China. Kailangang ilunsad ang malawak at masinsing pakikibakang masa sa kalunsuran at kanayunan at maisustine ang mga protestang masa sa lahat ng syudad, munisipalidad, komunidad, paaralan, pagawaan at mga tanggapan na nananawagan hanggang sa pagpapatalsik kay Duterte sa Malacañang kahit sa gitna ng pandemya.

Samantala, dapat na paigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang armadong pakikibaka sa kanayunan sa pamamagitan ng mas madalas na mga taktikal na opensibang patama sa ulo at katawan ng reaksyunaryong hukbo. Dapat na pakilusin ang mamamayan sa mga pakikibakang antipyudal at rebolusyong agraryo upang tugunan ang kanilang mga karaingan. Ang kumbinasyon ng mga pakikibaka sa kalunsuran at ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa kanayunan ang magpapabilis sa panibagong pagkahinog ng krisis ng naghaharing sistema na lulundo sa tuluyang pagbagsak sa pasistang paghahari ni Duterte.

Kailangang ituon ng mamamayan ang kanilang pakikibaka at pagkilos sa pagpapabagsak sa mismong sistemang malakolonyal at malapyudal na kinakatawan ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan. Dapat nilang ubos-kayang isulong at patindihin ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan at hakbang-hakbang na itayo ang demokratikong gubyernong bayan na siyang tanging kaayusang tutugon sa pinakamalawak na demokratikong kahilingan at interes ng mamamayan.

Tiyak na sa kalaunan ang pang-aapi at pagsasamantala ng rehimeng Duterte, imperyalismong US, China at lokal na mga naghaharing uri sa bansa ay wawakasan din ng mamamayan. Kailangan lamang na puspusin nila ang kanilang pakikibaka upang kamtin ang matagal na nilang inaasam na mas mahusay na sistemang panlipunang ganap na malaya, makatarungan at masagana. K

# Wakasan ang diktadurang paghahari ni Duterte!

Ubos-kayang labanan at ipagwagi ang pakikibaka para ibagsak ang pasistang rehimeng Duterte. Sa Araw ng State of the Nation Address (SONA) ng tiranong si Duterte, nakahanda ang buong bayan na kalampagin ang bulok, korap, inutil at teroristang rehimen. Patuloy na kikilos ang buong bayan hanggang sa ganap na maibagsak si Duterte at wakasan ang kanyang diktadurang paghahari.

Walang maaasahan ang sambayanang Pilipino sa taksil at kriminal na mamamatay-taong si Duterte. Limang taon niyang inihatid sa labis na kahirapan ang bayan. Sa ika-anim na SONA nito, ipinapanawagan ng mamamayan ang kanyang pagbagsak batay sa mga sumusunod:

**1 Krimen sa sangkatauhan ang napakaraming paglabag sa karapatang tao ng kanyang rehimen, kabilang ang maramihang pagpaslang sa ilalim ng kanyang gera kontra iligal na droga at gera laban sa nakikibakang mamamayan sa tabing diumano ng pagsupil sa komunismo at terorismo.**

Aabot sa 30,000 ang pinaslang ng rehimen sa kampanya nito laban sa iligal na droga at ginamit pa ito para itumba ang mga kalaban at karibal ng pamilyang Duterte sa negosyo sa iligal na droga. Karamihan sa mga biktima ay karaniwang mamamayang pinaghihinalaang adik o tulak ng droga. Pinalala nito ang kultura ng impyunidad dahil hindi nito pinapanagot ang PNP at AFP sa kabi-kabilang pagpatay at pang-aabuso sa kapangyarihan.

Nagresulta sa samu't saring paglabag sa karapatang tao ang anti-komunistang gera ng rehimen kung saan naitala ang 63,774 iba't ibang kaso ng mga paglabag mula Enero 2020 hanggang Disyembre 3, 2020 pa lamang. Sa gitna ng pandemyang COVID-19, naglunsad ng mga "kontra-insurhensyang" operasyong militar ang rehimen na sumaklaw sa 1,075 barangay ng 389 bayan o siyudad sa 64 probinsya. Ipinalasap sa mamamayan ang terorismo ng estado at karahasan ng AFP-PNP sa anyo ng mga pagpaslang, pagpapahirap, pananakot, intimidasyon at walang patumanggang pambobomba at pagpapaulan ng bala sa kanilang mga komunidad.

Hindi ligtas ang Timog Katagalugan (TK) lalo't itinuring ang rehiyon bilang isa sa mga *hotspot* ng pamamaslang ng estado. Noong Marso 7, naganap ang Bloody Sunday na kumitil sa buhay ng siyam na aktibista. Nagpapatuloy pa ang pamamaslang at iligal na pang-aaresto sa rehiyon hanggang sa kasalukuyan. Sa unang hati ng 2021, naitala ang 13 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, 48 kaso ng iligal na pang-aaresto, 3 kaso ng pagdukot, 2 kaso ng pambobomba sa mga komunidad at 4 kaso ng panliligalig *(harassment)* at sapilitang pagpapalayas sa mga komunidad.




**2 Traydor si Duterte at ibinenta ang bayan sa imperyalistang US at China.**



Si Duterte ang pangunahing bentador ng pambansang soberanya ng Pilipinas kung saan kusang isinuko niya ang West Philippine Sea (WPS) at ang soberanong karapatan ng Pilipinas dito sa China. Bingi siya sa hinaing ng mga mangingisda na paulit-ulit na inaatake, sinisiil at pinagkakaitan ng China ng huling isda sa naturang karagatan. Tinalikuran niya ang lehitimong laban ng bansa na igiit ang karapatang solong pakinabangan ang rekurso sa WPS nang ibasura niya ang naipanalong arbitrasyon ng Pilipinas sa Permanent Court of Arbitration sa ilalim ng United Nations Convention on the Law of the Sea.

Samantala, higit na pinagtibay ang Visiting Forces Agreement at naging salalayan pa ito at iba pang mga kasunduang militar sa US. Patuloy na nakakatanggap si Duterte ng mga ayudang militar mula sa US, pinakahuli ang P183 milyong halaga ng armas noong Hunyo 22. Ayon sa kumpas ng US, ipinatupad ni Duterte ang mga anti-mamamayang gera at batas gaya ng JCP Kapanatagan at Anti-Terror Law (ATL) upang makakuha ng dagdag na kagamitang militar.

Nagpapakatuta si Duterte sa dalawang among imperyalista kapalit ng bakuna, pondo, pautang at suporta sa kanyang diktadurang paghahari.




## 3 Kriminal na pinabayaan ni Duterte ang mamamayan sa gitna ng pandemyang COVID-19.

Palpak, pabaya at inutil ang rehimen sa pagharap sa pandemyang COVID-19 na nagresulta sa pagkakasakit ng mahigit 1.5 milyong Pilipino na kumitil na sa mahigit 27 libong mga Pilipino. Sa umpisa pa lamang, hindi siya nagdeklara ng travel ban sa China, ang pinagmulan ng bayrus, at hinayaang lumaganap ang sakit nang pinahintulutang pumasok ang mga turistang Tsino sa loob ng bansa. Imbes na komprehensibo at siyentipikong mga solusyon para sansalain ang COVID-19, ipinataw niya ang militaristang *lockdown* na sa esensya'y pagpataw ng *de facto martial law* sa bansa. Ibinigay niya sa mga retiradong heneral ang pamamahala para labanan ang COVID-19 na nagresulta sa higit na pagdami ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao at arbitraryong pag-aresto sa mamamayan sa ngalan ng mga paglabag sa *health protocol*. Walang ipinatupad na *mass testing*, napakabagal ng *contact tracing* at pagpapabakuna.

Hindi nagbigay ang rehimen ng sapat na ayuda sa mamamayang apektado ng pandemya. Pinatigil sa pag-aaral ang mga kabataan at walang aksyon sa laganap na disempleyo sa bansa. Nagawa pa nilang nakawin ang pondong nakalaan para sa pagtugon sa pandemya.

## 4 Labis-labis ang pangungurakot ni Duterte sa kaban ng bayan para sa pagpapayaman ng kanyang pamilya at pambubusog sa kanyang mga kroni at mga berdugong heneral.




Sa pondong pantugon sa COVID-19 na Bayanihan 1 at 2 pa lamang, tinatayang P168.7 bilyon ang hindi nagastos at malamang na nakurakot sa P665.7 bilyong pinagsamang pondo ng programa. Naging palabigasan ang pandemya para sa mga kurakot ng mga opisyal sa mga ahensya ng PhilHealth, Department of Health, Department of Public Works and Highways, Department of Social Welfare and Development, Department of Education, Department of Labor and Employment, Department of Agriculture at Department of the Interior and Local Government.

Maanomalya rin ang mga pondong inilaan sa NTF-ELCAC kagaya ng Barangay Development Program kung saan kagyat na kinuha ng AFP ang P19 bilyong pondo matapos ipanawagan ng mamamayang Pilipino ang pagtatanggal sa pondo ng NTF-ELCAC. Hindi nakinabang ang mga komunidad na nasa listahan nito, bagkus lalo lang naisailalim sa militarisasyon. Nalantad na ito ay gagamitin ng pangkating Duterte para sa manipulasyon ng boto at pandaraya sa eleksyong 2022.

Mula nang maupo bilang presidente, tinatayang nadagdagan ang yaman ng mga Duterte. Upang pigilan ang pagkakalantad nito, brinaso ng rehimen na huwag ilabas ang Statement of Assets, Liabilities and Net Worth (SALN) ng pamilyang Duterte. Nagpakasasa rin ang mga heneral sa mga susing posisyon sa gubyerno at mga kroni sa mga proyektong Build, Build, Build.

## 5 Isinadlak ni Duterte sa walang kaparis na kahirapan ang mamamayang Pilipino.



Noong 2020 sa gitna ng pandemya, bumagsak nang 16.7% ang *gross domestic product* (GDP) na tinaguriang pinakamatarik na pagbulusok ng ekonomiya sa loob ng apat na dekada. Lumobo ang utang ng Pilipinas na aabot sa P11.1 trilyon sa pagtatapos ng Mayo 2021. Kasabay nito ang mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin dulot ng isinabatas na TRAIN Law. Sumirit ang presyo ng mga produktong petrolyo, bigas, karne, gulay at iba pa. Lalupang nawalan ng hanapbuhay ang mamamayang Pilipino na umabot sa 12 milyon.

Kasabay ng pagdarahop ng kalagayan ng mamamayan, niluwagan ni Duterte ang pagpasok ng mga dayuhang korporasyon ng mina at plantasyon na nang-aagaw sa lupain ng mga magsasaka at katutubo sa kanayunan. Nananatiling kontraktwal ang mga manggagawa — sa TK pa lamang, may tinatayang 30,000 ang manggagawang kontraktwal

at walang kaseguruhan sa trabaho. Walang hanapbuhay ang mga drayber dahil iniratsada ang *jeepney phaseout* sa gitna ng militaristang *lockdown*. Walang naghihintay na kabuhayan sa mga *overseas Filipino workers* (OFW) na napilitang bumalik sa bansa.

Tahasang pinagkaitan ang mamamayang Pilipino ng tunay na mga repormang sosyo-ekonomiko nang talikuran ni Duterte ang usapang pangkapayapaan sa NDFP noong 2017. Arbitraryong itinigil ni Duterte ang usapan sa gitna ng pagtalakay ng dalawang panig sa programa sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon sa ilalim ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Pilit na itinatanggi ng rehimen na ang ugat ng armadong tunggalian sa bansa ay bunsod ng malawakang kahirapang ipinataw ng sistemang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas.

## 6 Ipinataw niya ang kanyang pasistang diktadura sa bayan at nagpapakana pang maghari lagpas sa kanyang termino.

Isinabatas ni Duterte ang ATL at ginawang sandata para usigin at atakehin ang mga aktibista, progresibo, kritiko, oposisyon at makabayang Pilipino sa ngalan diumano ng paglaban sa terorismo. Sinagpang niya ang pandemya upang ipataw ang di-deklaradong *martial law* sa anyo ng militaristang *lockdown*. Gamit ito, naghasik siya ng teror at lagim para supilin ang anumang lehitimong pakikibaka ng mamamayan.

Sa pagtatapos ng kanyang termino at papalapit na eleksyong 2022, nagpapakana ang pangkating Duterte na makapanatili sa kapangyarihan. Kinasangkapan ni Duterte ang Kongreso para magpakanang iratsada ang isang pederalistang Konstitusyon kaalinsabay ng pagpapataw ng *de facto martial law* sa bansa. Ang garapal na pahayag ni Duterteng tumakbo bilang bise presidente sa eleksyong 2022 at pagpili ng iluluklok na tau-tauhang presidente para makaiwas sa pananagutan at pag-uusig sa mga krimen niya sa bayan ay lalong nagpapasidhi sa galit ng mamamayan.

Hindi na maatim ng mamamayan na mapalawig pa ang termino ng inutil, pahirap, at pasistang rehimen. Wala nang puwang para sa susunod pang termino ni Duterte o ng kanyang pangkatin. Kailangang magkaisa ang mamamayan para tutulan at labanan ang pakanang pagpapalawig ng kanyang paghahari. Kasabay nito, dapat ikonsentra ang lakas ng bayan upang usigin at panagutin si Duterte sa kanyang mga krimen sa bayan.



Maaasahan ng mamamayang Pilipino ang rebolusyonaryong kilusan bilang natatanging sandigan nito para labanan ang rehimeng US-Duterte. Nasa unahan nila ang CPP-NPA-NDFP para idirehe ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa ganap na maibagsak ang pasistang diktadura ni Duterte. K

BALITANG TO



## *Pasistang 3rd MBLT, inambus ng BHB Palawan*
# Siyam na *marines*, patay!

Inambus ng isang yunit ng Bienvenido Valleber Command (BVC)-BHB Palawan ang nag-ooperasyong tropa ng 3rd Marine Battalion Landing Team (MBLT) sa Sityo Kayasan, Barangay Nicanor Zabala, Roxas noong Hulyo 13, alas-12 ng tanghali.

Naglalakad ang isang platun ng berdugong Marines nang pasabugan sila ng dalawang *command detonated explosives*. Dahil sa labis na kahihiyan, itinago ng 3rd MBLT ang siyam na patay sa kanilang hanay.

Ayon kay Andrei Bon Guerrero, bagong tagapagsalita ng BVC-BHB Palawan, "Ipinakita ng BVC ang determinasyon nito na biguin ang ambisyon ng pasistang rehimeng US-Duterte at lokal na burukratang si Jose Chavez Alvarez (JCA) na durugin ang armadong rebolusyon sa probinsya."

Bilang sagot sa opensiba ng BHB Palawan, 10 beses na nagpasabog ng bomba sa kabundukan ang pasistang tropa na nagdulot ng labis na takot at ligalig sa mga residente. Nasira ang sakahan, kabuhayan at iba pang ari-arian ng mga residente ng Sitio Kayasan.

Kinondena ng BHB-Palawan ang desperadong hakbang ng mga pasistang militar. Ani Guerrero, lalo lamang nitong pinaaalab ang rebolusyonaryong diwa ng mga Pulang mandirigma upang tuluy-tuloy na biguin at labanan ang mga operasyong militar ng AFP. K

# Ang marahas na RCSP at kampanyang pagpapasuko sa Mindoro

Sa pagkakaingin nagmumula ang pagkain at kalakal ng komunidad ni Mang Lito sa isang bayan sa Mindoro. Subalit sa nakaraang mga buwan, hirap silang ituloy ang pagkakaingin dahil sa mga sundalong tumitigil sa baryo. Naroon daw ang mga ito upang iligtas ang komunidad mula sa mga "teroristang NPA".

Pero hindi "ligtas" ang pakiramdam nina Mang Lito. Sa buong panahong naroon ang mga sundalo, araw-araw ang patawag sa kampo. Hinaharang ang mga papuntang kaingin. Mayroon ngang mga gumagawa ng kubeta't liguan, ngunit mas maraming nanggugulo at nananakit ng taumbaryo. Banta ng kumander ng mga pasista sa komunidad "sumuko't umamin kung nasaan ang mga NPA."

**Panlilinlang, pananakot sa mamamayan**

Ang karanasan nina Mang Lito ay larawan ng *retooled community support program operations* (RCSPO) ng AFP-PNP sa isla ng Mindoro.

Pinakete ang RCSPO bilang paghahatid serbisyo sa mga liblib na lugar na hindi naaabot ng gubyerno. Karaniwang aktibidad nito ang pagtatayo ng mga pampublikong pasilidad, proyektong pangkabuhayan at misyong medikal na ipinatutupad sa tulong ng mga LGU at mga sibilyang institusyon. Kinaratulahan ng 203rd Brigade at lokal na Task Force to End Local Communist Armed Conflict (TF-ELCAC) sa Oriental at Occidental Mindoro ang RCSP sa isla na Convergence Caravan.

Padron ang pagdadala ng *caravan* sa mga lugar na pinaglunsaran ng *focused military operations* (FMO). Halimbawa, noong Nobyembre 2019, nagkaroon ng *caravan* sa Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Bago ito'y nag-operasyon ang laking-batalyong pwersa ng AFP at PNP sa baryo noong Agosto at Oktubre. Nag-*caravan* din sa San Jose, Magsaysay, Rizal at Calintaan sa Occidental Mindoro noong Marso 2020 matapos ang panghahalihaw rito sa unang kwarto ng 2020.

Bahagi ng Convergence Caravan ang mga seremonya kung saan bumabaha ang mga paninira sa rebolusyonaryong kilusan at huwad na pangako ng kaunlaran. Dumadalo sa mga pagtitipon na ito ang sugo ng 203rd Brigade na si Lerma 'Liway' Bulaklak at dating tagapagsalita ng NTF-ELCAC na si Antonio Parlade. Dito ipinipresinta ang mga 'sumukong NPA' upang lumikha ng ilusyon na diumano'y marami nang sumukong Pulang mandirigma. Tinatakot ang mga *surrenderee* na "papatayin sila ng NPA dahil sumuko na sila."

Kalakhan ng mga target ng RCSPO ay mga komunidad ng mga Mangyan. Bukod sa huwad na gera kontra-terorismo, maitim ding layunin ng RCSPO ang pananakot at pagpapalayas sa mga pamayanan sa kabundukan para ibukas ang likas-yaman sa pandarambong ng mga dayuhan at burgesya kumprador para sa pagmimina at mga proyektong pang-enerhiya.

**Sapilitang pagpapasuko**

Kaakibat ng RCSPO ang kampanyang pagpapasuko sa mga pinararatangang tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan, Pulang mandirigma at miyembro ng mga rebolusyonaryong organisasyon. Ginawang kalakaran ang pagpapalinis ng pangalan paglapag ng yunit ng RCSPO sa baryo. Ang mga "nagpalinis ng pangalan" ang ipinaparadang mga "sumukong NPA" sa publiko.

Kasama si Mang Lito sa mga pilit pinasuko ng mga sundalo. Pinatawag siya sa kampo, binulyawan, sinaktan at magdamag na ininteroga. Matapos takutin, inuudyukan siyang isuko ang mga armas na diumano'y nakatago sa kanyang bahay kapalit ang P60,000 hanggang P80,000.

Inalok din si Mang Lito ng pabuya kapalit ng paglason sa mga NPA sakaling dumaan sa kanyang bahay. Matapang siyang sumagot na hindi niya kayang pumatay ng kapwa tao.

Para makauwi ang mga iniinteroga, pinapipirma sila sa papel na nagsasabing "sumuko" sila bilang mga NPA o kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon. Sa ganitong *modus* pinalolobo ang bilang ng mga



*surrenderee*. Pinaghahati-hatian ng matataas na upisyal ng AFP at TF-ELCAC ang insentibong pabuyang P65,000 sa bawat napalilitaw na diumanong sumukong NPA. Kaya ganun na lamang kapursigido ang mga pasista na magparada ng mga pekeng "sukong NPA" hindi lamang para sa say-ops kundi para pagkitaan ng mga upisyal ng AFP at TF-ELCAC. Sa pahayag ng rehimen, aabot sa 234 ang *surrenderee* mula sa Mindoro noong 2019 habang 58 umano ang napasuko noong 2020.

Maduming taktika rin ng AFP-PNP sa pagpapasuko ang pagpapakalat ng mga pekeng balita tungkol sa mga pinaghihinalaang mga kasapi ng BHB upang lumikha ng isterya sa kanilang pamilya at pamayanan. Sa *social media*, pinalalaganap ang mga balitang namatay sa labanan ang ilang mga kasapi at kumander ng BHB na kabilang sa 'Order of Battle'.

Ginagamit ng AFP-PNP ang mga pekeng suko sa pagpapakalat ng *black propaganda* at *fake news* sa mamamayan. Kapalit ng mga 'benepisyo' ng E-CLIP, pinagsasalita sila sa mga porum upang siraan ang rebolusyonaryong kilusan. Ang ibang sumuko ay pinupwersang lumahok o gumiya sa mga operasyong militar. Imbes na tahimik na buhay, mas malalang panliligalig ang dinadanas nila dahil hahawakan sila sa leeg ng mga militar.

**Halimaw sa kaibuturan**

Tinaguriang "pampalambot" pero manipis ang makataong bihis ng RCSP. Maraming kwento ng paghahasik ng teror ng mismong yunit ng RCSP. Nag-iikot-ikot ang mga ito sa baryo tuwing gabi at basta-basta nanghahalughog ng bahay. Mistulan ring batas militar kung saan bantay-sarado ang komunidad para "walang makatakas" na residente.

Pananakot ng mga pasista, susunugin ang mga bahay at papatay sila ng sibilyan kung aatakehin sila ng NPA at may mapinsala sa kanilang hanay. Tanda ng papasidhing karahasan sa isla ang pagpatay kamakailan sa lider-katutubo na si Baduy dela Cruz sa Barangay Poblacion, Magsaysay, Occidental Mindoro. Pinag-initan siya ng kaaway dahil sa kanyang papel sa paglaban ng mga katutubo sa mga pastuhan. Matagal siyang pilit na pinasusurender ng militar bago tuluyang pinaslang noong Hulyo 29.

Bagamat natatakot sa mga militar, gumagawa ng paraan ang mga katutubo't magsasaka upang patuloy na maghanapbuhay at ipaglaban ang karapatan sa mapayapang pamumuhay. Noong 2020, organisadong lumikas ang anim na pamayanan. May ilang komunidad namang nagsama-sama't bumuo ng bagong pamayanan upang harapin ang mga nag-ooperasyong sundalo. Pinilit pa rin nilang balikan ang kanilang mga kaingin kahit na tatlo hanggang limang oras na ang layo ng mga ito. Naghahanap sila ng tiyempo para maiwasan ang mga nagbabantay na militar.

Hindi nailingid ng maskara ng pakitang-taong serbisyo at pagkakawanggawa ang halimaw na pasista sa kaibuturan ng rehimeng Duterte. Kinamumuhian ng mamamayang Mindoreño ang rehimen at ang armadong pwersa nito. Marubdob ang kanilang hangarin para sa katarungan at hustisyang panlipunan na makakamit lamang sa pamamagitan ng pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon.

*BANTAY KARAPATAN*



# Ang RCSPO sa likod ng mapanlinlang na Ugnayan Caravan ng 201st Brigade

Mariing kinondena ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon ang tuluy-tuloy na RCSPO ng 201st Brigade ng Philippine Army sa tabing ng Ugnayan Caravan.

Noong Hulyo 15, inilako mismo ni Bgen. Norwyn Tolentino ng 201st Brigade ang mga pekeng proyektong pangkaunlaran sa Brgy. Binahian-C, Lopez kung saan pinamimili niya ang mga residente sa pagpapatayo ng kalsada, iskwelahan o signal ng telepono.

Ayon kay Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC, "Walang saysay ang mga kalsada kung bagsak ang presyo ng kopra. Walang saysay ang mga paaralan kung walang papasok na mga iskuwela. Lalong walang pakinabang ang signal ng telepono para sa mga maglulukad na surang-sura na kay Duterte sa pag-utos sa kanilang kainin na lang ang kopra para maibsan ang gutom at kahirapan."

Inilantad ng BHB-Quezon na winawaldas lamang ng AFP ang pondo ng bayan sa sunud-sunod na FMO at RCSPO. Malakas ang panawagan ng mamamayan ng Quezon na ilabas ang *accounting* sa P19-bilyong pondo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict laluna sa kwentada ng mga gastos sa mga huwad na proyektong pangkaunlaran sa ilalim ng Barangay Development Program.

Dagdag ni del Mundo, "Tahasang ginagamit ang naturang pondo bilang gasolina sa marahas na kampanyang pagpapasuko at *red-tagging* ng SOLCOM sa lalawigan."

Hinaharas at nire-*red-tag* ni Tolentino ang progresibong samahan na Tanggol-Quezon at ang mag-asawa at mga lider na sina Antonio at Marilyn Pajalla. Sila ay mga aktibong lider at kasapi ng Anakpawis Partylist at Karapatan sa lalawigan. Pinepresyur sila na magpalinis ng kanilang pangalan at naghamon pa si Tolentino na iharap sila sa isang porum.

Sa nagdaang mga buwan, sunud-sunod ang mga kaso ng sapilitang pagpapasuko at panggigipit sa mamamayang pinaghihinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan, kabilang ang malisyosong pagdadawit sa mga miyembro ng ligal na samahan sa mga bayan ng Catanauan, Macalelon, Mulanay, San Narciso at San Francisco.

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit dapat ibasura ang VFA at iba pang di-pantay na tratadong militar sa US?

Malaon nang nakikibaka ang mamamayang Pilipino para palayasin ang imperyalismong US sa bansa. Marubdob na nakidigma ang mga ninunong Pilipino sa mga mananakop na Amerikano. Nang itatag ang papet na republika at isabatas ang mga di-pantay na kasunduang militar sa bansa, sinalubong ito ng maaalab na pakikibakang bayan. Noong 1991, matagumpay na naitulak ng mamamayan ang Senado na ibasura ang Military Bases Agreement (MBA). Nilansag at nilisan ng mga pwersang Amerikano ang mga base militar sa Pilipinas.

Subalit tuso ang imperyalismong US. Iniluklok nito ang pinakasagadsaring tutang si Fidel Ramos noong 1992 at nagmaniobrang ibalik ang mga tropa nito sa bansa sa pamamagitan ng umiiral na Mutual Defense Treaty (MDT) ng 1951 kahit wala na ang baseng militar ng US sa bansa. Noong 1992, pinirmahan ni Ramos ang Access and Cross-Servicing Agreement (ACSA) na nagbigay-laya sa mga pwersang militar ng US na maglabas-masok sa bansa kahit binuwag na ang MBA.

Mabilis na nanumbalik ang presensya ng mga sundalong Amerikano sa bansa nang isabatas noong 1999 ang Visiting Forces Agreement (VFA) ng sumunod na papet na pangulong si Joseph Estrada. Isinabatas naman ng gubyernong Arroyo ang Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) noong 2002 at ng gubyernong BS Aquino ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sa taong 2014. Dahil sa naturang di-pantay na mga kasunduang militar, dumami, dumalas at naging permanente ang presensya ng mga sundalong Amerikano sa bansa. Lalong nagbigay ito ng pahintulot at luwag sa mga sundalong Amerikano para sa kanilang lantarang panghihimasok at pakikialam sa umiiral na armadong tunggalian sa bansa at sa diumanong "pagtulong" nito sa papet na gubyerno laban sa “terorismo at marahas na ekstremismo.”

Patuloy na hinahamon ang mamamayang Pilipino na palayasin ang mga tropa ng US at ipagtanggol ang pambansang soberanya ng bansa. Noong Hulyo 29, pinagtibay ng rehimeng Duterte ang VFA matapos ang pulong kay US Defense Secretary Lloyd Austin III. Higit lamang nitong pinatunayang si Duterte ay tuta ng US at malaking kabulastugan ang kanyang mga pahayag noong nakaraang taon na ibabasura niya ang kasunduan.




Makatwiran ang panawagan ng sambayanan na ibasura ang VFA at iba pang di-pantay na tratadong militar sa US dahil niyuyurakan nito ang soberanya ng Pilipinas. Binibigyan nito ng ekstra-teritoryal na kapangyarihan ang imperyalismong US na manghimasok sa mga panloob na usapin ng bansa. Ginawang ligal ang paglabas-pasok ng mga pwersang militar ng US sa tabing ng mga “tulungan”, ehersisyong militar na Balikatan Exercises sa pagitan nito at sa AFP at iba pa. Inililihim din nito sa mamamayang Pilipino ang dami ng pwersa, layunin ng pagpasok, katangian ng kanilang mga operasyon at tagal ng pamamalagi sa bansa.

Ang VFA at iba pang di-pantay na tratadong militar sa US ay nagbibigay-daan para malayang lapastanganin ng mga pwersang militar ng US ang karapatan ng bayan nang hindi napapanagot sa kanilang mga krimen. Hindi sakop ng reaksyunaryong batas ang mga pwersa ng US kaya asal-hari ang mga ito at nakagagawa ng mga karahasan sa bansa nang walang anumang mabigat na pananagutan. Inireresulta rin ng malaya at walang-taning na pagpasok ng mga tropa at sasakyang pandigma ng US ang pagkasira sa kalikasan ng Pilipinas.

Ipinagkakaloob ng mga tutang gubyerno ang kalayaan at karangyaan sa mga pwersa ng US, habang tinatratong alipin ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa loob ng mga base militar nito. Pinagbabawalan ding lumapit at pumasok ang ibang Pilipino sa lupaing sakop ng mga base kahit saklaw pa ito ng teritoryo ng Pilipinas. Nang itayo ang base militar ng US sa Ulugan Bay, Puerto Princesa City, Palawan, pinalayas ang mga residente at isinara ang buong look.

Kailangan ng US ang mga base militar sa Pilipinas upang makontrol ang ekonomya, pulitika, militar at ugnayang panlabas ng bansa bilang

**_Hindi sakop ng reaksyunaryong batas ang mga pwersa ng US kaya asal-hari ang mga ito at nakagagawa ng mga karahasan sa bansa nang walang anumang mabigat na pananagutan._**

malakolonya nito. Nang iginawad nito ang huwad na kalayaan sa Pilipinas, tiniyak ng imperyalismong US ang pagkakaroon ng mga base militar dito upang patuloy na ipataw ang kapangyarihan at kontrol sa bawat papet na rehimen. Nakatali rin dito ang tulong-militar at suportang pang-ekonomya ng US sa reaksyunaryong gubyerno. Dagdag pa, mahigpit at lubusang kontrolado ng US ang AFP.

Ang pag-iral ng mga di-pantay na tratadong militar at mga base militar ng US sa Pilipinas ay bahagi ng patuloy na dominasyon ng imperyalismong US sa rehiyong Indo-Pasipiko. Estratehiko ang Pilipinas para matiyak ang geo-pulitikal na interes ng US at mapangalagaan ang hegemonya nito sa rehiyon. Paborable ang pagpwesto nito sa Pilipinas para mapigilan ang paglawak ng impluwensya ng China sa daigdig, na banta sa kapangyarihan at dominasyon ng US.

Mapanganib ang mga kasunduang militar ng US sa Pilipinas dahil itinatali ng US ang bansa sa mga pakanang militar at geo-pulitikal na interes nito sa buong daigdig. Malaking papel ang ginagampanan ng mga base militar sa Pilipinas sa mga gerang agresyon ng US. Ginamit na pasilidad-militar ng US ang Pilipinas sa gitna ng gerang agresyon nito sa Vietnam. Ang Agent Orange na ginamit para sirain ang kabundukan ng Vietnam ay ineksperimento sa Mt. Makiling sa Laguna.

Kinakaladkad ng imperyalismong US pati ang mga sundalong Pilipino sa mga gerang agresyon nito. Halimbawa ang *"war on terror"* na idineklara ng US laban sa Iraq noong 2003, gerang agresyon nito sa Vietnam noong dekada 1960 at ang digmaang sibil sa Korea noong dekada 1950.

Umani ng matindi at malawak na pagtutol ng sambayanan ang pagpapanatili ng mga base militar ng US sa bansa. Sa nagdaang mga taon, binatikos at nilabanan ng mamamayang Pilipino ang tahasang pagyurak sa soberanya at panghihimasok ng imperyalismong US sa bansa. Dapat ipagpatuloy ng mamamayang Pilipino ang kanilang pakikibaka para buwagin ang mga di-pantay na tratadong militar sa pagitan ng Pilipinas at US.

Nasa unahan ng bayan ang PKP-BHB-NDFP sa paggigiit ng pambansang kasarinlan at pagbabasura sa lahat ng mga di pantay na kasunduan ng Pilipinas sa US. Kailangang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang palayain ang bayan mula sa tanikala ng pagkaalipin at sistemang malakolonyal at malapyudal na ipinataw ng imperyalismong US. Sa paglaya ng bansa sa imperyalismong US, itatayo ang gubyernong bayan na magtataguyod sa demokratikong interes ng mamamayan. Itinataguyod din nito ang tunay na nagsasariling patakarang panlabas na nagsusulong ng pambansang soberanya, kasarinlan at teritoryal na integridad ng Pilipinas. K

*KILOS PROTESTA*

# Panawagan sa SONA 2021: Duterte, wakasan!





***Hatol ng TK.*** Tumungo ang mga progresibong organisasyon mula sa Timog Katagalungan sa UP Diliman, Quezon City noong Hulyo 26 upang lumahok sa protestang bayan sa ika-anim na State of the Nation Address ng rehimeng Duterte. Ipinahayag nila ang tunay na kalagayan ng mamamayan ng TK at kinundena ang pag-aabala ng rehimen sa eleksyong 2022 habang dumadaing ang mga nasalanta ng bagyong Fabian at pag-aalburuto ng bulkang Taal.




***Huwag kalilimutan.*** Kasamang nagmartsa sa protestang bayan sa UP Diliman, Quezon City ang mga kasamahan, kaanak at kaibigan ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Tangan nila ang litrato ng kanilang mga mahal sa buhay at istrimer na *Never Forget Bloody Sunday* habang sumisigaw ng hustisya at pagpapanagot sa mamamatay-taong rehimen. Anila, hindi dapat kalimutan ang alaala ng mga namartir sa pakikibaka sa pasismo at terorismo ng estado. K

# INDEKS hinggil sa West Philippine Sea, inilabas ng KARED-TK

Inihahandog ng Kagawaran sa Edukasyon-Timog Katagulagan (KARED-TK) ang INDEKS: Ipaglaban ang ligal at istorikal na karapatan ng Pilipinas sa WPS laban sa pangangamkam ng imperyalistang China, isang praymer hinggil sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa West Philippine Sea.




Layunin ng praymer na armasan ng batayang kaalaman ang mamamayan sa mga usaping nakapalibot sa WPS kabilang ang usapin sa kalawakan ng karagatan, soberanyong karapatan sa karagatan, ilang internasyunal na batas at ugnayan sa internasyunal na komunidad na may kinalaman sa karagatan at iba pang lumitaw na mga usapin sa pagtatanggol ng Pilipinas sa pambansang soberanya.

Binuo ang praymer sa okasyon ng anibersaryo ng tagumpay ng Pilipinas na igiit sa Permanent Court of Arbitration ang exclusive economic zone at ang mga teritoryo nito sa WPS noong Hulyo 2016. Sinasagot ng praymer ang pangunahing katanungang: Ano ang dapat gawin ng bawat Pilipino sa pagtatanggol sa ating teritoryo at karagatan? Layunin din nitong ipakita ang kabuluhan at kahalagahan ng laban sa pagtatanggol sa WPS at ang kaugnayan nito sa pambansa demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

"Sa harap ng mga nakalilito at mapanghating mga deklarasyon hinggil sa WPS ng kasalukuyang traydor at bentador ng pambansang soberanya na si Duterte, mahalagang pagkaisahin ang sambayanang Pilipino sa pag-unawa at pagtatanggol sa mga karapatan, soberanya sa usapin ng WPS at mailantad ang pakikipagsabwatan ng rehimen ni Duterte at kanyang mga alipures sa imperyalismong China habang patuloy na nangangayupapa sa isa pang imperyalistang among US," paglilinaw ng KARED-TK. K

# Polusyon ng China sa WPS, kinondena ng mga Palaweño

Malakas na kinondena ng mga Palaweño ang pagtatambak ng imperyalistang China ng mga basura at dumi sa West Philippine Sea (WPS) nitong Hulyo. Itinatakwil din nila ang pagtatanggol at pagtatakip ng Malakanyang sa China sa pahayag nitong peke at luma na ang litratong nagpapakita ng pagdudumi ng China sa WPS.

Noong Hulyo, nalantad ang pagtatapon ng China ng mga dumi ng tao sa WPS. Galit na galit ang mga Palaweño at inihayag ang kanilang karaingan sa *social media*. Palusot ng tutang administrasyon, ang nakitang basura ay lupang deposito ng mina at hindi dumi ng tao. Hindi tinanggap ng mga Palaweño ang baluktot na paliwanag ng Malakanyang. Anila, binubusabos ng China ang teritoryo ng Pilipinas.

Binatikos din ng mga Palaweño ang kainutilan ng Philippine Navy na tugunan ang usapin. Hindi namomonitor ng Western Command (WESCOM) ang bilang ng mga barkong Tsino na pumapalaot sa WPS. Masahol pa, hinahayaan lamang ng mga ito na lapastanganin ng mga sundalo at milisyang Chinese ang karapatan ng mga mangingisdang Palaweño sa sariling karagatan.

Ayon kay Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP-Palawan, "Hindi gagawa ng aksyon ang rehimeng Duterte sa polusyong dulot ng China sa WPS dahil ibinenta na nito ang soberanyong karapatan ng Pilipinas sa naturang karagatan."

Ipagpapatuloy nila ang pakikibaka para sa soberanyong karapatan sa WPS at pangangalaga sa kalikasan. Sa kasaysayan, tinutulan at kinondena ng mga Palaweño ang pagtatapon ng isang barko ng US Navy ng *liquid waste*, kabilang ang dumi ng tao, sa pantalan ng Puerto Princesa City.

Pagtatapos ni Paragua, "Magkaugnay ang pakikibaka ng mga Palaweño sa pangangalaga sa kalikasan at pagpapalayas sa mga dayuhang mandarambong. Dapat na magkaisa ang mga Palaweño na paigtingin ang laban upang igiit ang pambansang soberanya at kasarinlan at paalisin ang mga imperyalistang US at China sa lupa at karagatan hindi lamang ng Palawan kundi ng buong bansa." K

# Singilin si Parlade sa kanyang mga krimen sa bayan!



Nagretiro na si Lt. General Antonio Parlade Jr. sa AFP bilang hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at tagapagsalita ng NTF-ELCAC subalit nananatili at hindi malilimutan ang kanyang madugong rekord sa kasaysayan at alaala ng mamamayan ng Timog Katagalugan at buong bansa. Kaya ang sigaw ng bayan, papanagutin ang sinungaling, *red-tagger, troll* at pasistang si Parlade!

Notoryus si Parlade bilang numero-unong sinungaling at walang tigil sa kangangawa ng mga paninira sa rebolusyonaryong kilusan, mga progresibong pwersa, oposisyon at kritiko ng rehimen. Bukod sa naririndi na sa kanya ang taumbayan, kinasusuklaman siya sa sunud-sunod na *red-tagging* at pagbabanta sa buhay ng mga progresibo at aktibista. Ni-*red tag* din niya maging mga kinatawan ng United Nations na sina Agnes Callamard at Victoria Tauli-Corpuz.

Bilang tagapagsalita ng NTF-ELCAC, higit na nagpakalat ng lason at mga itim na propaganda si Parlade. Isa siyang *troll* na nangungutya at nagpalaganap ng mga pekeng balita at walang basehang akusasyon na inuulit-ulit sa *social media*.

Sa ilalim ng kanyang pamumuno sa SOLCOM, walang sagkang naghasik siya ng terorismo na nagresulta sa libu-libong kaso ng paglabag ng AFP-PNP sa karapatang tao sa TK. Tampok dito ang Bloody Sunday na pumaslang sa siyam na aktibista at iligal na nang-aresto sa anim na iba pa. Libu-libong mamamayan sa rehiyon ang biktima ng walang habas na pambobomba at atrosidad sa FMO at RCSPO. Nagpakana rin siya ng mga kampanyang pagpapasuko at saywar gamit ang mga bayaran at pekeng *surrenderee*.

Napakahaba ng listahan ng mga krimen ni Parlade sa bayan. Kasuka-suka pa ang ambisyon nitong maging senador sa 2022. Matapos ang rekord nito sa AFP, dapat siyang makulong at hindi maluklok sa anumang posisyon sa reaksyunaryong gubyerno.

Hindi titigil ang sambayanan sa pang-uusig kay Parlade hanggang makamit ang katarungan. Aabutin siya ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya at magbabayad siya sa lahat ng kanyang inutang na dugo sa bayan. K

ANG MADUGONG KRIMEN NG SOLCOM SA TK
SA ILALIM NG PAMUMUNO NI
**ANTONIO PARLADE JR.**


MGA BIKTIMA

| | |
|---|---|
| 26 | EXTRAJUDICIAL KILLING |
| 180 | ILIGAL NA PANG-AARESTO AT DETENSYON |
| 4 | PAGDUKOT |
| 1,406 | PAGBABANTA, HARASMENT AT INTIMIDASYON |
| 800 | PAMIMILIT |
| 2 | RAPE |
| 22 | TORTYUR |
| 465 | SAPILITAN AT PEKENG PAGPAPASUKO |


MGA KASO

| | |
|---|---|
| 3 | AERIAL BOMBING |
| 2 | STRAFING |
| 20 | PAG-ATAKE AT PAGGAMIT SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR BILANG KAMPO |
| 20 | FOOD AND OTHER ECONOMIC BLOCKADE |
| 25 | SAPILITANG PAGBABAKWIT |
| 6 | DEMOLISYON SA MGA KOMUNIDAD |

## MGA GRUPO AT PERSONAHENG NI-REDTAG NI PARLADE



KARAPATAN
RURAL MISSIONARIES OF THE PHILIPPINES
IBON FOUNDATION
OXFAM PHILIPPINES
MAKABAYAN BLOC



ANGEL LOCSIN
LIZA SOBERANO
CATRIONA GRAY
TETCHI TORRES-TUPAS
ANA PATRICIA NON



# Unang anibersaryo ng ATL, sinalubong ng protesta

Sa unang anibersaryo ng pagsasabatas ng Anti-Terror Law (ATL) noong Hulyo 4, naglunsad ng kilos protesta ang mga militanteng organisasyon sa Timog Katagalugan sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST) sa Balibago, Sta. Rosa, Laguna. Nanawagan sila sa pambansa at internasyunal na komunidad na pahigpitin ang pagkakaisa at palakasin ang mga kampanya laban sa madudugong atake ng rehimeng Duterte.

Hustisya ang daing ng mamamayan ng TK sa lahat ng mga krimen ng rehimeng Duterte at kabi-kabilang kaso ng paglabag sa karapatang tao. Tumindi ang pandarahas at impyunidad matapos iratsada ni Duterte ang ATL noong nakaraang taon. Pinakatampok sa rehiyon ang naganap na Bloody Sunday noong Marso 7 na kumitil sa buhay ng siyam na aktibista at inaresto ang anim na iba pa. Hanggang sa kasalukuyan, wala pang nakakamit na katarungan para sa mga biktima at kanilang mga kaanak.

Ayon sa BAYAN-ST, "Lalupang titindi at magtutuluy-tuloy ang mga atake laban sa mga progresibo sa rehiyon hangga't hindi napapanagot ang mga *mastermind* sa likod ng mga pamamaslang na sina Lt. General Antonio Parlade Jr., CALABARZON Regional Police Chief Vicente Danao at dating PNP Chief Debold Sinas."

Nakatanggap din ang BAYAN-ST ng impormasyon na maglulunsad pa ang AFP-PNP ng isa pang bugso ng singkronisadong operasyon sa rehiyon laban sa mga progresibo at aktibista.

Samantala, sa ikaapat na buwang paggunita sa Bloody Sunday noong Hulyo 7, naglunsad ng *press conference* ang Defend Southern Tagalog, bandang 9:00 ng umaga upang ibahagi ang mga panimulang datos mula sa independyenteng pagsasaliksik at awtopsiya sa katawan ng mga biktima ng Bloody Sunday pati ang istatus ng kaso ng mga iligal na inarestong aktibista. Pagsapit ng 4:00 ng hapon, naglunsad sila ng koordinadong *online protest.*

Pagtatapos ng BAYAN-ST, "Magkaisa tayo para panagutin si Duterte at ang AFP-PNP laban sa kanilang mga krimen sa bayan!" K




# Barikada ng mamamayan, pinigilan ang demolisyon sa Cavite

Binigo ng barikada ng mga manininda at residente ng Brgy. Tartaria, Silang, Cavite ang iligal na demolisyon sa higit 100 bahay at mga tindahan sa kahabaan ng Santa Rosa-Tagaytay Road noong Hulyo 14. Walang ipinakitang *court order* para sa demolisyon ang 200-kataong *demolition team* na ipinadala ng nagpapalayas na pamilya Aguinaldo.

Magiting na hinarap ng mga residente at manininda ang 100 pribadong *goons* ng pamilya Aguinaldo at 100 gwardya mula sa Merge Core Security Agency. Inilalarga ang demolisyon sa Santa Rosa-Tagaytay Road upang bigyang-daan ang proyekto ng Ayala Land Inc. (ALI). Planong magtayo rito ng mga komersyal na gusali sa kahabaan ng highway hanggang Tagaytay bilang bahagi ng CALABARZON Regional Development Plan (RDP) ng National Economic Development Authority (NEDA).

Ang lupang ipinagtatanggol ng mga residente at manininda ay inaangkin ni Emilio "Orange" Aguinaldo IV, ang apo sa tuhod ng papet at taksil na dating pangulo na si Emilio Aguinaldo. Kabilang ito sa 300-ektaryang lupang Aguinaldo na inangkin ng pamilyang Aguinaldo noong 1940. Saklaw nito ang ilang bahagi ng Silang at Tagaytay, Cavite at dumudulo sa Santa Rosa-Tagaytay Road, kahanggan ang 7,100-ektaryang Hacienda Yulo sa Laguna.

Ayon sa Samahang Magbubukid sa Tartaria (SAMATA), "Walang lehitimong karapatan ang mga Aguinaldo sa lupa dahil nakuha lamang nila ang mga titulo gamit ang mga butas sa batas. Karamihan sa mga residente ng lupang Aguinaldo ay nakatira na rito simula pa 1911."

Target na paunlarin pa ang Tagaytay bilang isa sa mga mayor na *tourist spot* sa bansa kaya't iniraratsada ang mga proyekto at negosyo sa kahabaan ng *hi-way* ng Santa Rosa-Tagaytay Road. Ipinagawa ng ALI ang Cavite-Laguna Expressway (CALAX) na dadaan sa Santa Rosa-Tagaytay Road para sa mas mabilis na byahe tungong Tagaytay. Noong maagang bahagi ng 2000, itinayo ang mga *subdivision*, *hotel*, parke at iba pang negosyo ng ALI at Greenfield Development Corporation ni Lucio Tan sa Santa Rosa, Laguna na nagpalayas sa mga magsasaka at residente sa lugar.

Nitong Hulyo 9, iligal na dinemolis ang 200 bahay at tindahan sa Sitio Cawad, Brgy. Santo Domingo, Santa Rosa. Pinalayas sila para maitayo ang proyektong "pangkaunlaran" ng CrownAsia, pagmamay-ari ng pamilya Villar.

Nakahanda ang mga residente sa kahabaan ng Santa Rosa-Tagaytay Road na patuloy na makibaka sa harap ng bantang demolisyon bunsod ng pagraratsada ng CALABARZON RDP bago matapos ang termino ni Duterte sa 2022. K

# Libu-libong biktima ng pag-aalburuto ng bulkang Taal, inabandona ng gubyernong Duterte

Pinabayaan ng gubyernong Duterte ang libu-libong residenteng lumikas bunsod ng muling pag-alburuto ng bulkang Taal. Tulad ng dati, kulang ang ayuda at mabagal ang pagtugon sa pangangailangan ng mga biktima.

Matinding takot at pangamba ang dulot ng sunud-sunod na lindol. May epekto rin sa kalusugan ang ibinubugang *sulfur dioxide*[1] ng bulkan na umaabereyds ng 22,628 tonelada kada araw.

Nasa 6,027 pamilya o 21,789 indibidwal ang naitalang nadisloka sa pag-aalburuto ng bulkan kung saan 1,688 pamilya o 5,922 indibidwal ang nasa 26 *evacuation centers*. Apektado ng sakuna ang 145 barangay.

Higit na lumala ang kalagayan ng mga biktima sa mga *evacuation center* dahil sa pananalasa ng pandemyang COVID-19. May mga bakwet na nagpositibo na sa bayrus. Hirap din silang magbalik-hanapbuhay dahil sa *lockdown*.

Noong 2020, tinatayang 500,000 residente ng Batangas at Cavite ang nawalan ng tirahan at kabuhayan habang P3.045 bilyon halaga ng mga produktong agrikultural ang nasira. Nangako si Duterte ng P29.9 bilyon para sa rehabilitasyon ng mga apektadong komunidad. May mga residente na ipinaloob sa programang pabahay ngunit idinadaing nilang malayo ito sa kanilang pook-trabaho at salat sa serbisyo at utilidad. Pinapasan din nila ang mga buwanang bayarin sa gitna ng malawakang disempleyo sa panahon ng pandemya.

May mga biktimang nagreklamo na wala silang natanggap ni isang kusing mula sa gubyernong Duterte. Nalantad pa ang kabiguan ng rehimen na gastusin ang natitirang P168.7 bilyon sa Bayanihan 1, 2 at 2021 pambansang badyet. Ipinapanawagan nilang ilaan ito sa ayuda para sa mga biktima ng sakuna.

Sa halip na bigyan ng kaukulang pansin at ayuda ang mga biktima ng pagsabog bulkang Taal, nakuha pa ni Duterte na magbiro at sabihing, "takpan na lang ang bunganga ng Taal."

Bagama't ibinaba na sa Alert Level 2 ang bulkang Taal sa katapusan ng buwan, patuloy ang panawagan ng mga biktima para sa ayuda at suporta. Iginigiit din nilang bigyan sila ng serbisyong medikal sa pagharap sa COVID-19. K

*[1]sulfur dioxide ($SO_2$) — walang kulay, masangsang at nakakalasong kemikal na sumasama sa hangin*

# Proyektong *geothermal* sa Batangas, magpapalayas sa mga tenante at magsasaka

Kabilang sa listahan ng mga aprubadong proyekto na inilabas ng Department of Energy (DoE) nito lamang Marso 2021 ang San Juan Geothermal Power Project (SJGPP) ng San Juan Geothermal Power Inc. na pag-aari ng malaking burgesya kumprador na Aboitiz Group of Companies. Saklaw ng proyekto ang 26,730 ektaryang lupain sa mga bayan ng San Juan, Rosario, Lobo, at Taysan.

Hindi pa man itinatayo ang San Juan Geothermal Power Project (SJGPP), ramdam na ng mga mamamayan ng San Juan ang hagupit nito sa kanilang lupang panirikan at kabuhayan. Mula noong kasagsagan ng *lockdown*, nagdagsaan din ang mga nag-aahente at namimili ng lupa sa mga kabundukang bahagi ng San Juan na nagbunsod na ng pagka-agaw ng ilang ektaryang lupang sakahan at kabuhayan mula sa mga mamamayan rito, partikular sa mga barangay ng Quipot, Sampiro at Sapangan.

Taong 2000 pa, nagkaroon na ng serye ng *geological* at *geochemical survey* sa ilang mga interyor na baryo sa lugar. Taong 2015 napabalitang magtatayo ng *geothermal power plant* ang kumpanyang Aboitiz. Ipinagmamalaki pa ng Red Core Geothermal na ang proyektong ito na may 15-35 MW kapasidad ng lilikhaing kuryente ay angkop sa pagsuplay sa paparaming *hotel* at *resort* sa tabing-dagat ng Batangas. Sa kabilang banda, nagsimula na rin ng panahong ito ang malaganap na pang-aagaw ng lupa at pagpapalayas sa mga tenante at magsasaka sa 12 barangay na sinasabing tatamaan ng proyekto: Calubcob I at II, Bulsa, Pulang Bato, Coloconto, Quipot, Sapangan, Buhay na Sapa, Libato, Sampiro, Talahiban I at II.

Ang planta ng *geothermal* ay kabilang sa tinaguriang *renewable source* ng kuryente mula sa init sa ilalim ng lupa. Bagamat relatibong mas mainam na pagkukunan ng kuryente, kapalit naman ng proyektong ito ang pagkawala ng libu-libong ektaryang sakahan at panirahan ng mamamayan. Bukod pa rito ang epekto sa mga pananim ng init na ibubuga mula sa planta sa oras na mag-opereyt na ito.

Sa taong 2023 tinatayang masimulan ang konstruksyon ng planta. Ang Red Core Geothermal at Aboitiz Group na mangunguna sa pagtatayo ng SJGPP, tulad ng iba pang itinatayong plantang *geothermal* sa rehiyon ay inaasahang popondohan ng US Trade Development Agency, habang ang kontraktor nitong nakabase sa California, ang Layman Energy Associates, ang isa sa mga susing magsasakatuparan ng proyekto. K

*Mula sa Lagablab ng Batangan, Abril - Hunyo 2021*

# Paglabag ng AFP-PNP sa karapatan ng mga Mindoreño, nagpapatuloy

Humahaba ang listahan ng mga krimen ng rehimeng Duterte laban sa mamamayang Mindoreño sa huling siklo ng f*ocused military operations* (FMO) at *retooled community support program operations* (RCSPO) ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA.

Sa Barangay Monte Claro, San Jose, Occidental Mindoro, pinaputukan ng 4th IB ang tatlong residente na nagtatrabaho sa kanilang palayan noong Hulyo 19. Pinaputukan ang mga biktima habang tumatakbo sila palayo dahil sa sobrang takot sa mga sundalo.

Iligal na pang-aaresto, interogasyon at iba pang atrosidad ang dinanas ng mamamayan ng Sablayan, Occidental Mindoro sa kamay ng mga elemento ng 76th IB pagpasok ng Hulyo. Sinunog din ng mga sundalo't pulis ang mga bahay sa Sityo Buscad, Barangay Tuban.

Tumindi ang panghaharas sa mga residente matapos magkaroon ng engkwentro sa pagitan ng mga militar at isang yunit ng BHB sa nasabing sityo noong Hulyo 5. Apat na magsasaka na taga-Brgy. Tuban ang dinakip. Sinampahan ng gawa-gawang kaso sina Miguel Domingo Manguera, Fe Serna Marinas, Sherlito Casidsid at Allen Delafuente sa Regional Trial Court sa San Jose, Occidental Mindoro dahil diumano sa paglabag sa Anti-Terror Law.

Tinambangan at pinatay ng mga di-nakaunipormeng elemento ng 203rd Brigade ang lider katutubo na si Salvador "Baduy" dela Cruz sa Sityo Cawit, Brgy. Poblacion, Magsaysay, Occidental Mindoro noong Hulyo 29. Hinarang ng mga pinaghihinalaang sundalo ang motor ng biktima at kanyang kasama. Matapos kumpirmahin ng mga lalaki ang pagkatao ng biktima, pinatakbo ang kanyang kasama at tsaka siya pinagbabaril. Tinadtad ng bala ang kanyang katawan gamit ang armalayt.

Samantala, binugbog naman ang isang Mangyan sa Sityo Lawaan, Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro sa kasagsagan ng FMO ng 4th IB noong Hunyo 25. Sinikmuraan ang biktima dahil hindi niya masagot ang tanong ng mga sundalo na "Nasaan ang mga NPA?" Papunta siya sa kaingin nang harangin ng mga pasista.

Iligal ding kinakampuhan ng mga yunit sa RCSP ng 203rd Brigade ang mga pampublikong eskwelahan sa mga barangay ng Conrazon, Malu at Rosacara sa Bansud, Oriental Mindoro. Laking-platun na tropa ng mga pasista ang humihimpil dito mula Pebrero 2021 hanggang kasalukuyan.



KULTURA

## Terorismo ng Estado

*Adaptasyon mula sa awit na "Ika'y Mahal pa rin"*

Kailangan ba na mandahas sa aming bukid
Bukas kaya'y putok na naman ang maririnig
Hindi pa ba sapat ang bawat nyong operasyon
Na dulot ay teror, takot, at hinagpis

Sadyang walang katapusan ang inyong karahasan
Na inihahasik sa kanayunan at kalunsuran
Patuloy ang *red-tagging* sa mga progresibo
O alang-alang sa kapangyarihang matatamo

*KORO:*
Bomba, kanyon, *drone*, mortar at istraping
Winasak nang lahat sa buhay namin
Sa lahat ng 'to kayo'y pagbabayarin
Pasista'y pabagsakin
Pagpatay, pagdukot at pagbabanta
Ng estado sa lider, aktibista't masa
Hindi na dapat pa itong hayaan
Digmang bayan ang sa terorismo'y magwawakas

Wala na ngang puso ang diktador na pangulo
Walang pakialam sa taumbayan ang estado
Panunupil ang hatid ng mga reaksyunaryo
Sa amin ang lahat ng ito ay terorismo

Sadyang walang katapusan ang inyong karahasan
Na inihahasik sa kanayunan at kalunsuran
Patuloy ang *red-tagging* sa mga progresibo
O alang-alang sa kapangyarihang matatamo

*Ulitin ang KORO*

Bomba, kanyon, *drone*, mortar at istraping
Winasak nang lahat sa buhay namin
Sa lahat ng 'to kayo'y pagbabayarin
Pasista'y pabagsakin

Pagpatay, pagdukot at pagbabanta
Ng estado sa lider, aktibista't masa
Hindi na dapat pa itong hayaan
Terorismo'y wakasan

Bomba, kanyon, *drone*, mortar at istraping
Winasak nang lahat sa buhay namin
Sa lahat ng 'to kayo'y pagbabayarin
Pasista'y pabagsakin

Pagpatay, pagdukot at pagbabanta
Ng estado sa lider, aktibista't masa
Hindi na dapat pa itong hayaan
Digmang bayan ang sa terorismo'y magwawakas

Si Digong pabagsakin...


JOIN the NEW PEOPLE'S ARMY
Aa
Bb
Kk